

# 1

Nanlaki ang mga mata ni Bonnie nang makita ang hindi lang isa kundi tatlong buto ng linga na nakadikit sa kanyang mga ngipin. Nandoon ang mga ito habang nakikipag-usap siya kay Finn, ang una niyang pasyente sa araw na iyon. Ano na lamang ang iisipin ng lalaki?

Kunsabagay, lahat naman ng taong nakikilala niya, weird ang first impression sa kanya. Oo, weird ang kumain ng mga organic na pagkain at weird siyang magdamit. Weird ang magkape sa bangketa kasama ang isang pulubi. At weird ang kanyang propesyon. Sino ba naman ang maniniwalang tusukan ka lang ng ilang karayom ay gagaling ka na? But it works!

*Kung ano man ang nasa isip nila, wala na akong pakialam doon, sabi niya sa isip. Ang mahalaga, masaya siya sa kanyang trabaho. Ang mahalaga, nagsisilbi siya kahit sa iilang tao lamang. Pati sa damit na kanyang isinusuot; they were the best ukay finds. Kung may isa pa siyang propesyon, iyon ang pagiging professional shopper sa lahat ng tindahang ukay-ukay.*

“Dr. Bon, next patient na po,” sabi ng kanyang

clinic secretary.

“Papasukin mo na, Mia,” tugon niya at ginawang toothpick ang kanyang dila para tanggalin ang mga butil ng linga. Wala siyang magagawa, ang sarap-sarap ng organic rice palitaw na may organic muscovado at organic sesame seeds at kinayod na niyog. She just loved healthy breakfast like that. *Ang sarap talaga magluto ni Aling Dulce, aniya sa isip. Mamaya, papasalubungan ko siya ng brazo de mercedes.*

“Good morning...” nakangiting bati niya sa pasyente.

“Good morning, Dr. Bon!” balik nito sa kanya at nagbeso pa. Dala yata nito hanggang sa kanyang clinic ang pagiging flight attendant. Tila natural na rito ang pagiging masayahin.

“Mrs. Samonte...” Sinubukan niyang maging mas bibo, mas welcoming. “Kumusta na po ang baby?” tanong niya.

“Naku, malikot na!” sagot nito. Lumiwanag ang mukha ng isa sa paborito niyang pasyente nang kinumusta niya ang anak nito. “Kaya lang, heto ang iniwan sa akin. Taba!”

“Kapag naglakad na si Baby, hahabulin mo na

iyon. Instant workout,” saad niya habang inaayos ang kama na hihigaan nito. “At itong acupuncture sessions natin, aayusin ang metabolic chi mo.”

Tumango-tango ito at mas lumiwanag ang mukha sa sinabi niyang se-sexy ulit ito dahil sa acupuncture, guaranteed.

“Ikaw, wala pa ba?” Iniba nito ang usapan at alam niya ang kahulugan niyon. Marami nang nagtanong kung wala pa raw ba siyang boyfriend. Kung kailan daw ba siya mag-aasawa.

“Darating din iyan.” And she was not sure if she meant it.

“Magandang magkaroon ng asawa,” turan nito habang nahihiga. “You should look forward to it.”

Ngumiti lang si Bonnie habang inaayos ang mga binti at mga braso ni Mrs. Samonte. Ang mga ito ang tutusukan niya ng karayom.

“Heto ’yong ilalagay kong mga karayom. ’Yung isa dito sa liver point ’tapos itong isa para sa kidney point.” Ipinaliwanag niya ang gagawin habang dinidiinan ang sinasabing points sa binti ng babae. “Okay... relax... inhale, exhale... one, two...”

“Dr. Bonnie, phone call,” bulong ng receptionist

na nakadungaw ang ulo sa Japanese-style divider. “Kapitbahay mo, si Geri.”

“Pakisabing tatawagan ko siya,” balik niyang bulong dito. “May pasyente ako, sabihin mo.” Tiningnan niya si Mrs. Samonte. Naging regular ang paghinga nito at tantya niya, nakaidlip na ito.

Matapos niyang itusok ang acupuncture needles sa meridian points na binanggit niya rito, tinungo niya ang hardin ng klinika at doon tinawagan si Gerianna, ang kaibigan niyang may sariling publishing house, sa cellphone nito.

“Bonita, pagkalabas mo ng clinic,” untag nitong hindi na nagpaligoy-ligoy pa, “punta ka sa mall sa Ortigas. Meet Tiffany and Lauren for gown fitting.”

Hindi na siya nagtaka. Palagi naman talagang nagmamadali ang kaibigan niyang iyon. Kahit siguro sa kasal nito, kahit gaano pa iyon kaplanado, magiging rush pa rin ang lahat dahil ugali na nito ang magmadali. Katulad ng ama nitong negosyante.

“Hello...” Kumurap-kurap siya nang marinig ang tinig ni Geri. Nanumbalik siya sa pakikinig dito. “Earth to Bonnie...”

Tumikhim siya. “Ah, yes, I’ll be there. Would that be all, Ma’am?” Gusto niya itong inisin nang kaunti.

Inilayo niya ang telepono sa tainga nang lumakas ang tinig nito. At nagpahabol pa siya, “Sure, Ma’am, thank you.”

Tumaas ang kilay niya nang makitang tumawag itong muli.

“Have you found a date already?” usisa nito.

“Uh, medyo.” Why the hell should Geri be so insistent about dates?

“Liar,” walang-pakundangang pang-aakusa nito. “Pustahan tayo, nagtago ka na naman sa kusina mo at gumawa ka ng granola bars noong Sabado.”

“What has that got to do with a wedding date?” balik niya.

“Get a life, Bonita. Lumabas ka naman,” pangaral nito. “May ipapakilala kami nina Lauren sa iyo.”

Tumaas ulit ang kilay niya. Naramdaman niyang kumilos si Mrs. Samonte.

“Na naman? Teka, pag-usapan natin iyon,” pigil niya at nagpaalam. Hindi niya mabilang kung ilang ulit na niyang pinaunlakan ang mga ‘set-up’ ng kanyang mga kaibigan. Na nauwi lamang sa first dates. No seconds. Hindi niya tipo ang ipinakikilala ng mga ito... o hindi siya type ng mga iyon.

“Ten minutes more,” pagbibigay-alam niya sa kanyang pasyente habang inaalis isa-isa ang mga karayom sa katawan nito.

“Hmm... napasarap ang tulog ko,” anito na nag-iinat-inat.

*Mabuti naman, saad niya sa sarili. At wala kang narinig tungkol sa naaawa-lang-kami-sa-iyo date set-up ng mga kaibigan ko.* Hinarap niya ang babae. “Mrs. Samonte, okay na. Huwag munang hahawak ng tubig. Apat na oras lang naman. After that, puwede na kayo magbasa,” bilin niya.

Kinuskos niya ang kanyang mga braso. Nandoon pa rin at nakadikit ang pinagdidiinang *Oplan: Wedding Date* ni Gerianna. Kahit anong gawin niyang pagtakas sa dalawang kaibigan, ayaw siyang tigilan ng mga ito.

“*Malay n’yo ba kung destiny ko ang tumandang dalaga,*” naalala niyang bitiw sa mga ito nang huli silang magkaroon ng *girls’ night out*. “*Tumigil-tigil na kayo sa pangungulit.*”

Ininom niya ang kalahati ng banana shake with wheatgrass, tinakpan ang tumbler, at ibinalik iyon sa maliit na refrigerator sa kusina ng klinika niya. Sumilip siya sa pinto at napangiti. Hindi niya makita ang ulo ni Mia sa likod ng receptionist’s counter dahil

napaka-petite nito.

“Mia, nananghalian ka na ba?” pasigaw na tanong niya rito. Tinakpan niya ang bibig nang biglang sumungaw ang ulo nito mula sa likod ng counter at nakalagay ang hintuturo sa mapulang-mapulang bibig. May kausap ito sa telepono. “Aw, sorry.”

“Si Yvo, boyfriend ko,” paliwanag nito nang sumunod ito sa kusina at kinuha mula sa refrigerator ang whole wheat sandwich at carrot juice na para sa sarili.

Si Mia na yata ang isa sa mga pinaka-health conscious na taong nakilala niya sa balat ng lupa. Malalaki na ang mga anak nito sa unang asawa, magsi-cincuenta na ito, pero wala pang uban. Kaya nga, sa lahat ng aplikante, ito ang kinuha niyang secretary. Mukha pa lang, marketing strategy na. Ilang pasyente na ba niya ang bumalik dahil sa rekomendasyon nitong subukan nila ang anti-aging acupuncture technique niya? Iyon nga lang, nangangamba siya na baka iiwan siya nito kapag bumisita sa Pilipinas ang nobyo nitong Español.

“Ano ang gagawin ko kapag kinuha ka na ni Yvo?” sabi niya na nakapangalumbaba sa hapag sa maliit na kusina.

“Ganito, ha...” Tiningnan siya nito na parang may gustong sabihing sekreto at tumuwid ito ng upo. Napagaya siya kahit alam niyang nang-aalaska lang ito. “Magpagawa ka ng billboard na merong picture namin ni Yvo ’tapos ipa-install mo sa tabi ng lahat ng highways. Kikita ka nang milyones overnight.”

“Pag ginawa ko ’yon, huwag kang magsisisi. Kukunin ka nang artista, sige ka. Magugulo ang buhay mo dahil sa paparazzi. ”Tapos siyempre dahil sikat ka na, masasabwat ka sa intriga. Matsitsismis din na inagaw sa iyo ng isang starlet si Yvo.” Pinigil niya ang pagngiti kahit alam niyang naka-score siya rito.

Mas tumuwid pa ang upo nito. “Oo nga, ano! Ah, mag-isip ka na lang ng ibang marketing plan,” anito at tumango-tango habang iniinom ang carrot juice.

“Gusto mo pa?” tanong niya at inilapit dito ang pitsel ng juice na matingkad na kahel ang kulay.

“Sure.” At pinaghatian nila ang natitirang laman ng pitsel.

“O, may ginawa akong raw almond bar,” alok niya at inilapit dito ang tray ng panghimagas. Alam niyang paborito nito iyon mula nang matikman ang una niyang ginawa.

“Aw, my goodness!” Lumiwanag ang mukha nito.



“Salamat. Pahingi ng isang bar.”

“Para sa atin ’yan,” saad niya, kahit puno ang bibig. “At meron kang isang tray sa ref. Iuwi mo sa bahay.”

“Puwede na.” Tumango-tango ito habang ngumunguya. “Puwede nang mag-asawa.”

“Magtigil ka, ha!”

“Eh, nasa tamang edad ka naman na,” pangangatuwiran nito. “And you’ll make a good wife and mother. Di mo ba napapansin? Ang nurturing side mo, lumalabas sa tuwi-tuwina.”

“Pag-umpugin ko kaya ang mga ulo ninyo nina Geri?”

“Eh, di na-deform ang ulo ko.” Pagkasabi niyon ay inipit ni Mia ng magkabilang kamay ang mga pisngi at pinaduling ang mga mata.

Binato niya ito ng isang maliit na kiya-kiya mula sa fruit basket.

“Hep!” Narinig niya iyon, kasama ang ugong ng tila truck. “Kanan. Kanan. Dito... dito.” Nagkatinginan sila.

“Ano ‘yon?” Tumayo siya at tinungo ang bintana.

“Try mo ang bintana na humaharap sa hardin. Parang doon nanggagaling iyon.”

Iniwan niya ang kausap at pumunta sa harapan ng bahay. Husto namang tumambad sa paningin niya ang malaking karatula. “*The Islands Spa*,” basa niya rito. Marahil ay big-time spa ito. Ngumiti siya. Marahil ay bentahe sa kanyang negosyo ang spa na ito. Kung maraming mapapadalaw na customers dito, makikita ng mga ito ang karatula niya, at marahil magtatanong din ng tungkol sa kanyang acupuncture and holistic nutrition programs.

Pinagdikit niya ang kanyang palad at ngumiti nang malawak. Mamayang alas cinco, pag hindi na kainitan ang araw, bibisitahin niya ang spa at makikiusyoso siya. Sana maabutan niya ang may-ari nito. Maanong magkaroon sila ng networking deals.

## 2

“Hey, I’m here,” sabi niya habang nakabukas ang mga palad. Nagustuhan niya ang amoy-orange flowers na shop ng modista ni Geri. Classy ito at mayroon pang free coffee service habang naghihintay ng transaction.

“Why only now?” anang kaibigan niyang tila nagtatampo, si Lauren. Nakatayo sa isang pabilog na entablado, nakasuot ng gown na inaayos ng modista.

“Sabi naman ni Geri, pag lumabas lang daw ako sa clinic. Eh, ngayon lang ako lumabas.”

“Na-miss ka namin sa lunch,” ani Tiffany habang abala itong nagsusukat ng ibang gown na naka-display.

“Ano’ng kinain n’yo?” tanong niya.

“Something sinful,” paawit na sagot ni Tiffany. “We had special paella for lunch and Basque cake for dessert.”

“Hmm... maybe next time I’ll join you,” sabi niya.

“Paano mo naman gagawin iyon, eh, organic diet ka na hanggang magunaw ang mundo.”

Inismiran niya si Lauren. “Once in a while I also binge, you know..”

“Para tingnan mo kung ano ang kinakain ng mga karaniwang taong katulad namin,” pagtatapos nito. “O, ikaw na dito sa stage,” Bumaba ito, nagbeso sa kanya, at binigyang-daan ang modista para sukatan siya.

“May date kaming ipakikilala sa iyo,” balita ni Tiffany.

“Kilala ko na. Si Ram.”

“Ram? Hindi Ram ang pangalan n’un,” tanggi nito na nakatingin kay Lauren na kumibit-balikat.

“Si Ram. Rameses. Yung mummy sa museum,” paglilinaw niya.

Palihim na humagikgik si Lauren. Nilingon ito ni Tiffany at hinataw ng bag.

“Kasi ang huling ipinakilala ninyo sa akin ay kamag-anak ni Dracula. Kamukha ni Dr. Cullen slash foster father slash match-bagay-tayo-maker,” paliwanag niya habang inaalala ang pelikulang *Twilight* na pinanood niya kasama ang isang dalagitanang pasyente. Ganoon siya kabait sa kanyang mga kliyente. She treats them out. “So naisip ko

ngayon, baka gusto n'yo ako ipakilala sa mummy. Make sure it's Rameses the Sixteenth. Bagay kami."

Wala siyang pakialam kung pinaikot ng mga kaibigan ang mga mata ng mga ito habang siya ay nagtatalumpati.

"Listen both of you, 'yung bridal shower giveaways at regalo natin kay Geri, ide-deliver na. Puwede bang paghati-hatian natin ang storage? Walang lugar sa unit ko," ani Tiffany.

"Itambak mo lang 'yong iba sa akin. May susi ka naman sa unit ko," sagot niya rito. Alam niyang magulo ang unit ni Tiffany dahil punong-puno ng kitchen equipment para sa bubuksang café nito.

"Same here," segunda ni Lauren.

"Hello, mabibigat 'yon. Kailangan ko ang tulong ninyo, ano!" Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ni Lauren.

"Mamaya pa ako uuwi galing sa clinic, so hindi ako puwede. At ipasok mo sa bedroom ko. Baka madatnan ni Geri sa salas."

"May pupuntahan ako..." sabi ni Lauren habang kunwari ay sinusuri ang naka-display na gowns.

Ngumiti siya sa pagmumuwestra ni Tiffany na

tila hopeless ito sa paghingi ng tulong sa kanila, kaya nga ang sarap nitong asarin. Tila mas nadadagdagan ang kulot ng alun-alon nitong buhok tuwing binubully nila nang ganoon.

Natapos ang fitting ng gown ng abay sa kasal ni Geri at kung saan-saan nakarating ang kuwentuhan nila. Nagpaalam na silang tatlo sa isa't isa para bumalik sa kani-kanilang trabaho.

“Hoy, Tiffany! Check mo schedule mo sa clinic ko, okay? Palagi mong nakakalimutan. Next time, tatarakan kita ng pang-Alzheimer’s disease na acupuncture.” pahabol niya sa kaibigan saka siya tumungo sa carpark, sa kanyang naghihintay na segunda-manong sedan.

---

Nang gabing iyon, naisip ni Bonnie na magpunta sa *The Islands Spa*.

“Magandang gabi po,” sabi niya, sabay ngiti sa eleganteng babaeng nakaupo sa receptionist’s desk. Tuwid na tuwid ang ayos na ayos na buhok nito. Mapulang-mapula ang mga kuko, at mala-modelo ang pagkaka-makeup ng mukha. Nginitian siya nito, kaya nagpakilala siya.

“Hi. Ako si Bonnie, ang acupuncturist sa katapat

na klinika.” At awtomatiko siyang nakipagkamay.

“Pleased to meet you,” anito at nakipagkamay sa kanya, pero panandalian lamang. Pakiramdam niya ay humawak siya ng ipot ng manok at hindi pa naaalang ang duming iyon kahit na naghugas naman siya ng kamay. Mas lalo siyang nanliit nang maalalang nakasuot lamang siya ng kupas na maong na pantalon at cotton peasant blouse samantalang ang babae ay naka-linen suit and pants na rose pink. Marahil ay satin ang lace camisole nito na pang-ilalim sa suit jacket.

“And here’s what we offer,” sabi nito nang iabot sa kanya ang brochure na naglalaman ng listahan ng services ng spa. “Anything else?”

“Uhm... this... this would be all.” Hindi niya alam kung bakit natatameme siya habang kausap ito. Para ma-relax ang sarili, iginala niya ang kanyang paningin sa kabuuan ng spa. “Wow, ang ganda naman dito!” papuri niya.

Tiningala niya ang bubong ng lobby. Dome-shaped ito at may mga ivy plants na nakapulupot sa bawat marmol na poste. At dahil tumatakipsilim na, nagsindihan na ang mga ilaw na tila Roman torches na nakasabit sa mga marmol na dingding. May fountain pa ito sa gitna. Ang tubig niyon ay nagmumula sa

banga na pasan-pasan ng isang estatwang Romano na tila *Venus de Milo*. Ito na nga ang fountain of youth. Tiyak na malaki ang kikitain ng spa na ito. Nang lumingon siya sa babae para muling kausapin ito, mabilis naman itong lumingon at tinawag ang isa sa mga staff nito. Nanliit siya. Gayunpaman, pinilit niyang ngumiti at magpaalam dito nang maayos.

Habang tumatawid siya pabalik sa kanyang klinika upang magsara, hindi niya maiwaksi-waksi ang pakiramdam na nanliliit.

*“Inutil. Dagdag ka lang sa palamunin ko,”* naalala niyang sabi ng tiyahin niya nang tumira siya rito pansamantala.

*“Wala kang silbi. Mabuti pa lumayas ka na,”* naalala niyang sabi ng isa sa mga taong kumupkop sa kanya.

Lumaki si Bonnie na nagpalipat-lipat ng bahay. Ni hindi na niya nakitang muli ang kanyang ina mula nang iwan siya nito sa kanyang lola. Nang mamatay ang huli, ni sa libing nito ay hindi niya nakitang dumalo ang kanyang inay. Kinuha siya ng social worker ng isang bahay-ampunan. Ipinaampon siya ng mga ito sa isang mag-asawang walang anak. Pero nagkahiwalay ang mag-asawa, kaya bumalik siya sa bahay-ampunan. At mula roon, kung saan-saan pa siya tumira. Ngunit sa gitna ng lahat ng dinanas niya



noong siya ay bata pa, doon niya nakita ang kabaitan ng Dakilang Maykapal....

Bumuntong-hininga siya at pumasok sa kanyang klinika. Nakaalis na si Mia at may iniwan itong note sa desk niya. *Happy Weekend. Remember to go out on a date. Who knows?* Iyon ang nakasulat doon. Ngumiti siya at idinikit ang sulat sa loob ng drawer niya.

Sumandal siya sa swivel chair at binuksan ang brochure ng *The Islands Spa*. Nawala lahat ng dugo sa kanyang mukha nang mabasa ang nakasulat doon. Hayun, nakasulat sa napakaeleganteng script ang mga serbisyo ng spa: Fitness program, anti-aging program, yoga, massage, acupuncture, aromatherapy, etc.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Kokompetensyahin siya ng spa na ito. Hahatakin nito ang kanyang mga pasyente. Ano ngayon ang kanyang magiging hanap-buhay?

Matagal yata siyang nakaupo at nag-iisip dahil nagulat siya nang mag-ring ang kanyang cellphone. Si Finn iyon.

“Hi, Doc. Bonnie, nand’yan ka pa ba sa clinic mo?” tanong nito sa kabilang linya.

“Oo. Bakit naman?”

“Dumaan kasi ako sa kalye at nakita kong bukas ang ilaw sa bintana ng klinika mo. Just checking.”

“Thanks, Finn. May inaayos lang ako. Pauwi na rin ako,” sabi niya.

“Have you had dinner yet?”

“Ha?” Ano na nga ba ang etiketa sa gitna ng pasyente at doctor? “Ah... oo. Kumakain na ako ngayon dito.” Pagkasabi niyon ay tumayo siya at pumunta sa kusina para magbukas ng refrigerator.

“Ah, okay. Yayayain sana kitang mag-dinner,” anito na may tonong bahagyang pagkaunsiyami.

“Salamat na lang. Have a good evening, Finn. 'Bye.”

Pinindot niya ang cellphone hanggang sa mag-switch off ito. Ayaw niyang makipag-usap kaninuman ngayong gabi. Gusto niyang mapag-isa at mag-isip.

# 3

“Aw!” marahan niyang daing nang masipa niya ang paa ng kamang hinihigaan ni Finn. Huminga siya nang malalim dahil totoong masakit iyon, at nagpapasimple na lang siya. Pangalawang ulit na ito ngayong umaga at pakiramdam niya ay mauulit pa hanggang sa mamatay ang mga kuko niya sa paa. Bad luck comes in threes, sabi nga.

“Did I do anything? Sorry.” Umangat ang ulo ng lalaking nakahiga na’t handa na sa acupuncture session nito. Ngayon-ngayon lang ay mas nagiging mapagbiro ito. Sa hula niya ay nagsimula ito nang di-inaasahang magkita sila sa Chinatown. Kabibili lang niya noon ng supply niyang bagong acupuncture needles at moxa sticks at tulad ng kinagawian, nakaupo siya sa bangketa at umiinom ng kape mula sa *Seattle’s Best* kasama ang pulubing walang kamay at kalahati lang ng mga braso ang natitira. *Calligraphy Man* ang tawag niya sa pulubing iyon dahil may hanap-buhay naman iyon. Gumagawa ito ng Chinese characters at Zen circles sa pamamagitan ng calligraphy brush na naka-strap sa mga braso nito. Hinintay niyang matapos ang ginagawa nitong double happiness na gusto niyang palagyan ng frame

at iregalo sa kasal ni Geri. At husto namang dumaan ang makulit niyang kliyente, si Finn, nang araw na iyon.

“It’s not you. Nasipa ko lang ulit ang paa ng kama. Metal pa mandin.”

“May kahulugan iyan. Galit ka sa akin? Kawawa naman ako, geez,” sabi nito na kunwa’y nagtatampo.

“O, siya, tahan na. Hindi ako galit sa ’yo.” Sinakyan niya ang drama ng lalaki habang pinupulsuhan ito. “Hmm... ba’t parang lalagnatin ka?”

“Naambunan ako papunta rito. You know, I’ll go through sleet, snow, and rain just to get here. Just to see you.”

“Siyanga?” Ngumiti na lang siya, nasanay na siya sa mga talumpati nito.

“So, pangalawang ulit mo nang nasipa ang paa ng kama. What does that mean? In Chinese medicine?”

“Good question,” sabi niya, na ang ibig sabihin sa kanyang isip niya ay, *Ang kulit mo*. “Tension lang siguro.”

“Ah, nate-tense ka kapag nandito ako? That must also mean something.”

Iniwasan niya ang pagkakatitig nito sa kanya. Imbis na patulan ito ay naging abala siya sa acupuncture session nito.

“Tutuskan kita rito para di matuloy ang lagnat mo,” aniya habang itinuturo ang lung spot nito sa braso. “At ipagpatuloy natin ang kidney at spleen acupuncture mo.” Diniinan niya ang mga points na lalagyan niya ng karayom. Akala niya ay hindi nito nararamdaman ang kanyang mga diin dahil pagkatitigas ng mga kalamnan nito.

“Sana araw-araw mo iyan ginagawa sa akin,” komento nito at bumuntong-hininga. “Press me over there again.”

“Mr. David Serafino, ikaw na yata ang kliyente kong sobra ang pagkahedonista.”

“I sure hope you don’t have a cure for that,” panunukso nito. Ngumiti ito at nakita niya ang pantay-pantay nitong mga ngipin. Marahil ito ang sanhi ng kaguwapuhan nito, hindi ang kilay nitong makakapal o ang buhok nitong humahaba na’t tila palaging galing sa pag-surf dahil gulo-gulo. Hindi na siya umimik at nagpatuloy na lang sa kanyang ginagawa.

“At pakiusap lang, huwag ka munang uminom ng

anything alcoholic, okay? Ang lakas ng chi ng lungs mo, ang hina naman ng iba mong chi. Magkaka-allergy ka niyan.”

“You must be psychic or something. Namumula ako kahapon nang nag-inuman kami ng mga katrabaho ko. Allergy daw iyon.”

“Ipagpatuloy mo ’yan, ha?” Ni-reverse psychology niya ito. “Para mauwi sa diabetes.”

“Show some kindness, woman,” saad nito na umaarteng nauunsiyami. “People come here and get nurtured and healed. Ako, pumupunta dito para mapagalitan, geez.”

“Okay, relax, Finn... ten... relax your toes and feet... nine... relax your legs...” sabi niya sa mababang boses. Pagkatapos niyon, nang naka-relax na ito, unti-unti niya itong tinusukan ng set ng karayom.

Nang makompleto niya ang acupuncture points nito at nakapikit na ito, bumalik siya sa kanyang desk at binuklat-buklat ang mga business books na binili niya. Walang pumapasok sa kanyang isip, hindi niya alam ang gagawin. Oras na magbukas ang *The Islands Spa*, alam niyang magdadagsaan doon pati ang kanyang mga kliyente. Ano ang gagawin niya?

Gaano pa man katagumpay ang kanyang

negosyo, minsan ay naghahanap pa rin siya ng isang taong masasandalan. Mapaghihingahan ng problema.

Nami-miss niya si Dr. Marie Baudelaire, ang huling foster parent na kumupkop sa kanya. Hustong labindalawang taong gulang siya noon nang pinili siya ng retired doctor sa bahay-ampunan. Gusto raw nito ang energy niya. Nakikini-kinita raw nito ang malaking potential niya. Ito mismo ang nag-train sa kanya, sabay ang pagpapaaral sa kanya sa *Global College of Natural Medicine*.

*“If I can help one more child to be a healer... just one...”* naalala niyang sabi ng milyonaryang doktora. Pero lima silang mga batang inampon nito mula sa iba’t ibang panig ng mundo. Ginawa silang parang magkakapatid, pinakain, binihisan, pinag-aral, minahal na parang tunay na mga anak... hanggang sa nagtapos sila sa kolehiyo... hanggang sa pinilit siya nitong tapusin nang mabilisan ang kanyang Ph.D. sa Natural Medicine. May rason ito.

*“You are not going to heal the entire Philippines. Just a handful maybe. Or more. But I see you as a bringer of wellness. Be all that you are, Bona Leianne.”* Makailang ulit niya itong narinig mula sa doktora. Itong mga salitang ito ang nagbigay sa kanya ng lakas ng loob at halaga sa buhay.

“Oh, Mama...” bulong niya. Ano ang effective na paraan para huwag siyang iwan ng kanyang mga kliyente? Malulungkot siya kapag nagsilipat ang mga ito.

Naglakad-lakad siya sa hardin habang hinihintay matapos ang session ni Finn. Inalisan niya ng tuyong mga dahon ang mga rosas at gardenias. Tila ngayon lang niya nakita kung gaano kahitik sa bulaklak ang munting hardin ng klinika at napangiti siya.

*“Flowers heal. When you establish your own clinic, plant flowers,”* natatandaan niyang sabi ni Dr. Baudelaire.

Nagpalipat-lipat siya at inamoy ang namumukadkad na mga rosas. Nabigyan siya ng pag-asa. Alam niyang makakakuha siya ng inspirasyon kung paano palalaguin ang kanyang wellness business.

Sa sulok ng kanyang mata, nakita niya mula sa sliding glass door ng hardin at klinika na kumilos si Finn. Nanaog siya.

“Time’s up,” marahan niyang sabi rito. “But stay for ten minutes more. I’ll just take your needles off.” Iniwasan niyang tingnan ang mga mata ng lalaki.

“I dreamed of an enchantress,” turan nito at



kinusot-kusot ang mga mata.

“Siyanga?” aniya habang binubunot isa-isa ang mga karayom at inilalagay sa test tube na may pangalang *Finn Serafino*.

“She was walking in the garden, feeling so lonesome.”

“Uh-huh.” Nilagyan niya ng natural disinfectant ang test tube at itinago sa cabinet saka bumalik sa kinaroroonan ng lalaki. May ibibigay pa siyang advice dito bago ito umalis.

“She looks exactly like you.” Napangiti siya sa sinabi nito, alam niyang tinitingnan siya nito, kaya iniwas niya ang mga mata habang papalapit siya rito. At... for the third time ay nasipa niya ang metal na paa ng kama. Malakas.

“Aw!” Napaupo siya sa katabing higaan at tumiklop dahil sa sakit. Nanilip ang luha niya sa kanyang mga mata. Narinig niyang napabalikwas ng bangon ang pasyente niya at naramdaman ang mga kamay nito sa magkabilang balikat niya.

“Bonnie, are you okay?” nag-aalalang sabi nito na halos nakayakap na sa kanya.

“Aw...” Pinigil niya ang pag-iyak. “Ice... kumuha

ka ng yelo.”

Dagli namang tumalima ang lalaki at lumabas upang kumuha ng ice cubes. Bumalik itong may yelo na nakabalot sa panyo nito.

“Let me,” boluntaryo nito, sabay hawak sa kanyang paa. Bahagya siyang napaigtad nang dumapo ang malamig na panyo sa kanyang namumulang mga daliri sa paa.

“Aray ko!”

“Okay, relax. Mawawala din ang hapdi niyan.” Naupo sa kama ang lalaki sa tabi niya. Itinaas nito ang binti niya at inilagay pahalang sa kandungan nito saka patuloy na hinawakan ang yelo na nababalot sa panyo upang ipa-cold compress sa paa niya. Hindi niya tinanggihan ang braso nitong sumalikop sa katawan niya, imbis ay inihilig pa niya ang kanyang ulo sa balikat nito.

“I’m sorry that this happened,” bulong nito sa kanya.

“You have nothing to be sorry about,” sabi niya. Ginalaw-galaw niya ang kanyang paang napinsala para malaman kung may pilay siya rito. Baka kailangan niyang bumisita sa orthopedic doctor kinabukasan.

“Doc Bonnie, i-ca-cancel daw ni Tiffany—“ Si Mia iyon. “Ano’ng nangyari sa iyo?” usisa nito nang makita ang ayos nilang dalawa ni Finn.

“Nagpraktis mag-karate at tinadyakan ang paa ng kama. Kaya lang...”

Malakas niyang tinapik sa balikat ang lalaki para pahintuin ito sa pinagsasasabi, pero huli na. Nahagip ng kanyang mga mata ang *that look* na iginawad sa kanila ni Mia. Ano nga ba naman ang papasok sa kukote nito nang maabutan silang tila magkayakap at nasa kandungan ng binata ang isang binti niya?

“Aksidente, Mia.” Dumaing siya nang magkamali siyang ikinilos ang kanyang nasaktang paa.

“Ah, okay...” anito, pero hindi pa rin naaalís ang makahulugang sulyap nito sa kanya. “Magpahinga ka. Nag-cancel si Tiffany ng appointment niya.”

Tumaas ang kilay niya. “Bakit daw?”

“Walang sinabi. Basta work-related daw,” pagbibigay-alam nito habang papalabas ng silid. “Next appointment mo, mamayang ala una pa ng hapon.” At isinara nito nang tahimik ang pinto.

“Hmm... that’s a long time off,” saad ni Finn na nakatingin sa relo.

“Salamat sa pag-aasikaso sa akin,” aniya at sinubukang tumayo.

“O, dahan-dahan,” paalala nito na nakaalalay sa kanya. “How do you feel?”

“Okay naman. Aray!” Napaupo siya sa kama at napapikit. “Bakit kailangang mangyari ’to?”

“Baka may kahulugan iyan.”

Ngumiti siya nang bahagya dahil alam niyang ginagamit nito ang pangungusap na madalas niyang gamitin sa kanyang mga pasyente. *May kahulugan iyang nararamdaman mo.*

“So, ba’t nate-tense ka pag nandito ako?” Tiningnan niya ito nang marinig ang tanong nito.

“Di naman ikaw ang dahilan,” tanggi niya at muling bumagsak ang mga balikat niya. At inisip niya, *Well, kapag lumipat ka sa spa, eh, di ikaw nga ang dahilan ng tension ko.*

“So what’s the reason?”

“Wala. Next time ko na sasabihin.” At para umalis na ito ay sinubukan ulit niyang maglakad papunta sa kusina. Alas onse y media na at nagugutom na siya.

“Hey!” bulalas niya nang bigla siya nitong

binuhat.

“Saan mo gustong pumunta? I’ll get you there.”

“Please put me down...” pagpupumilit niya.

Umiling ang lalaki. “Ayaw mo nang mas malaki pang damage sa paa mo, di ba?”

“Sa kusina. Pero kaya ko naman na. Ibaba mo na ako.”

“Tingnan mo kung maikikilos mo ang paa mo,” tugon nito habang ibinababa siya.

Matagal siyang tumayo sa rug at pinakiramdaman ang kanyang nasaktang paa.

“Lakad ka papunta rito,” utos nito habang nasa kabilang dulo ng silid.

“Di ko kaya,” daing niya. “Masakit...” Sinubukan niyang tumalon nang marahan. Alam niya, kapag may pilay siya ay hindi siya makatatalon. Isang parang saksak ng kutsilyo ang naramdaman niya nang lumagpak sa matigas na sahig ang kanyang paa.

“Bonnie!” Lumapit ito sa kanya. “What was that for?”

“Sinubukan ko lang kung may pilay ako.” Mauupo sana siya sa sahig dahil sa umiigting na sakit, pero

naagapan na siya nito at binuhat papunta sa kusina.

“Ano’ng gagawin ko?” Pinigil niya ang kanyang pag-iyak.

“Magpahinga ka. I-cancel mo—“

“No. Hindi puwede.” Tinalikuran niya ang bukas na refrigerator at tiningnan ito.

“Look, Bonnie, the way I see it, kailangan mong pumunta sa... sa ortho... bone doctor. Whatever.” Pinaupo siya nito at kinuha ang vegeburgers at bote ng celery juice sa refrigerator.

“Mamaya. Pagkatapos ng session ni Henry,” aniya habang hinahati ang kanyang vegeburger. “Kain ka, o.”

“Henry? Geez. So hindi lang ako ang lalaking bumibisita sa iyo?” Kumagat ito sa burger.

Natawa siya lalo’t nakita niya ang mukha ng pasyente niyang si Henry sa imahinasyon niya. Ito ang teen ager na may Down Syndrome na palagi siyang niyayakap at hinahalikan sa pisngi kapag pumapasok na sa acupuncture room.

“Oo, hindi ka lang ang lalaking pumupunta rito.”

“Aw!” maktol nito na hawak-hawak ang dibdib. “Why do you always hurt me, Bonnie?”

“Mag-try-out ka kaya sa pelikula? Baka kuhanin kang artista.”

Tumigil ito sa pagkain nang mag-ring ang cellphone nito. Tahimik niyang inubos ang kalahati ng kanyang burger at nilagay sa brown paper ang kalahati. Mayamaya ay sinabayan siya nitong muli at tahimik nilang inubos ang kani-kanilang pananghalian.

“Thanks for lunch, Bonnie,” anito. “Now I owe you dinner.”

“You don’t owe me anything. Nagkataong—”

“Look, I’m going to my office, pero babalik ako mamayang hapon. Tinawagan ko ang kakilala kong doktor sa *Cardinal Santos*, your orthopedic appointment is tonight at six.”

“Ha? Wala naman akong sinabing—“

“Sige na. ’Wag na matigas ang ulo.”

Pinagkrus niya ang kanyang mga braso at tiningnan si Finn habang papalabas ito ng silid.

“See you later, alligator,” paalam nito at isinara ang pinto nang marahan pagkalabas.

---

Mabagal na dumaan ang hapong iyon. Ayaw man niyang ipahalata sa kanyang mga pasyente, papilay-pilay siyang paroo't parito habang ipinagpapatuloy ang kanyang mga acupunture sessions. Nakailang palit siya ng yelo sa paang may pilay.

*Papalitan ko na lang ang panyo niya,* sabi niya sa isip nang pinatutuyo ang panyo ni Finn na ginamit nito sa cold compress niya kanina.

Nang matapos ang lahat ng sessions niya sa araw na iyon, tahimik siyang naupo sa tapat ng kanyang desk habang hawak-hawak ang isang baso ng celery juice.

“Aalis ako pagdating ni Finn,” sabi ni Mia nang pumasok ito sa silid at siyang nagpalit ng malilinis na kubrekama, punda, at kumot sa mga kama.

“Baka may lakad ka, Mia. Ayaw kong maabala ka dahil lang dito.”

“Ano kasi ang pinaggagagawa mo't sinisipa mo raw ang paa ng kama?” tanong nito. Naaninag niya sa ekspresyon nito ang kaunting panunukso.

“Naniwala ka doon?” aniya. “Aksidente ang pagkakasipa ko sa paa ng kama. Minor damage, pero ang sakit.” Naramdaman niya uli ang sakit ng pilay niya na parang may sariling pulso.



“Alam mo, kung kailangan mo nang umuwi, okay lang sa akin.” Pagkasabi niya niyon ay tumunog ang doorbell ng klinika at biglang tumahip ang kanyang dibdib.

“Si Finn na iyan, tiyak.” At mabilis na tinungo ni Mia ang pinto para pagbuksan ito. “Doc Bonnie, ang Knight in Shining *Mercedes* mo.” Napaupo si Bonnie nang tuwid nang malakas siyang tinawag ng receptionist. “Iwan ko na kayo. Hoy, Serafino, ingatan mo si Doktora.”

Di pa man siya nakakahinga ay mabilis itong humalik sa kanya bilang pamamaalam, kinuha ang bag, at iniwan silang dalawa ni Finn sa klinika.

“Hi,” bati niya sa binata dahil hindi niya talaga alam kung ano ang sasabihin.

“Kumusta’ng paa mo?” tanong nito. “Masakit pa ba?” Bahagya nitong hinaplos ang paa niyang nakapatong sa isa pang upuan.

“Itinaas ko para maiwasan ang pamamaga.” Dumaing siya nang kaunti.

“Nagdala na rin ako ng hapunan. I owe you dinner.”

“Finn, you don’t owe me anything,” protesta niya.

“Halika na...” Bago pa siya makatutol ay binuhat siya nito papunta sa kusina at nandoon nga ang sinasabi nitong hapunan. Kumalam ang kanyang sikmura nang maamoy ang pizza, lalo na nang binuksan nito ang mainit pang kahon.

“I’d recommend this,” anito habang hinahainan siya ng pizza na punumpuno ng toppings na aubergine, sweet corn, basil, broccoli, at kung ano ano pa. “I know you’re vegetarian.”

“You don’t have to do this, Finn.”

“I don’t have to, but I want to,” giit nito.

Halos magdamag siya nitong sinamahan sa ospital, ito pa ang tumawag kay Mia na i-cancel lahat ng acupressure sessions niya kinabukasan. Gusto niyang magprotesta pero naisip niyang wala rin itong patutunguhan kahit maglitanya pa siya sa harap nito.

---

“Magpahinga ka maghapon. Kumain ka’t matulog,” bilin ng binata habang inihahatid siya papunta sa condominium unit niya sa *Heloise’s Place*. Hindi lang siya nito ibinaba, inihatid pa siya nito hanggang sa pinto ng unit niya.

“Finn...” tahimik niyang sabi rito bago siya

pumasok sa unit, “salamat.” Tiningnan niya ang mga mata nito na hindi niya maunawaan ang gusto sabihin. Nakatayo si Finn sa harapan niya at pinagmamasdan lamang siya. Dagli siyang umiwas nang may kakaiba siyang naramdaman nang patuloy siyang tumingin sa mga mata nito. Kakaibang kasayahang naramdaman. Iyong katulad kapag maganda ang gising niya sa umaga, iyong pakiramdam na inaalagaan siya, iyong pakiramdam na...

“Salamat ulit.” Pumasok na si Bonnie sa kanyang unit at sumandal sa likod ng pinto. Hindi niya maunawaan ang sari-saring naramdaman niya nang kaharap ang lalaki.

“Tawag ka lang kapag may kailangan ka,” narinig niyang sabi nito sa kabilang panig ng pinto. Ilang saglit pa’y narinig din niya ang mga yabag nitong papalayo.

Dahan-dahan niyang tinungo ang sofa at naupo roon. Itinaas niya ang kanyang paang may cast saka bumuntong-hininga. May mga naalala siya habang nakatingin sa mga mata ni Finn. Ang kanyang ina na ayon sa kanyang abuela ay mahal na mahal siya. Pero nasaan na ito ngayon? Ang kanyang lola na palaging sinasabing mahal siya nito. Pero bata pa siya ay namatay na ito. Si Dr. Baudelaire na kumupkop sa

*Heart Of Kindness - Mika Edelstann*

---

kanya... pero sumakabilang-buhay na rin ito. Ayaw na niya na muling mahalin at iwan ng kung sinu-sino. Mabuti na itong nag-iisa siya.